

Pangalan: Imam Solaiman Mamayandug
Paksa ng Khutbah: Ang Pagkatakot sa Allah
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
Petsa: Hulyo 28, 2024

Level 1 – Batch 2

Unang Bahagi ng Khutbah:

إِنَّ الْحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يَضِلَّ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْدُ:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تَقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنْتُمْ مُسْلِمُونَ ﴾ سورة آل عمران: 102
“O kayong mga naniwala, matakot kayo sa Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim.” (Surah Alo Imran: 102)

Alhamdulillah! Ang lahat ng pagpupuri ay sa Allah lamang nararapat. Dahil Siya ang naglikha ng pitong palapag ng langit at pitong palapag ng lupa. Mga alipin ng Allah, tayo ay nagpapasalamat sa Allah dahil sa mga biyaya o mga ni'mat na kanyang ibinibigay sa atin na kung ating bibilangin ay hindi natin kayang bilangin. Ang pinakamalaking biyaya o ni'mat ng Allah sa atin ay ang pagiging Muslim natin mga kapatid sa pananampalataya. Matakot tayo sa Allah ng tunay na pagkatakot.

Sinabi ng Allah sa Qur'an:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا أَصْبِرُوا وَصَابِرُوا وَرَابِطُوا وَاتَّقُوا اللَّهَ لَعَلَّكُمْ تُفْلِحُونَ ﴾ سورة آل عمران: 200

“O kayong mga naniniwala, magtiis at magpunyagi, at manatiling nakamatyag at katakutan ang Allah upang kayo ay magtagumpay.” (Surah Alo Imran: 200)

Nabangit sa isang Hadith:

عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: (لَا تَدْخُلُوا الْجَنَّةَ حَتَّى تُؤْمِنُوا، وَلَا تُؤْمِنُوا حَتَّى تَحَابُّوا، أَوْ لَا أَذْلكُمْ عَلَى شَيْءٍ إِذَا فَعَلْتُمُوهُ تَحَابَبْتُمْ، أَفْشُوا السَّلَامَ بَيْنَكُمْ.) رَوَاهُ مُسْلِمٌ

Si Abu Hurayrah (radhiyallahu ‘anhu) ay nag-ulat: Ang Sugo ng Allah (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ay nagsabi, "Sumpa man sa Kanya na May Tangan ng aking buhay! Hindi kayo makakapasok sa Paraiso hangga’t hindi kayo naniniwala kay Allah, at hindi kayo naniniwala hangga’t hindi kayo nag-iibigan sa isa’t isa. Ipapaalam ko sa inyo ang isang bagay na kung inyong gagawin ay mamahalin ninyo ang isa’t isa, ipaabot ninyo ang salam sa inyong mga pagitan." (Inulat ni Muslim)

عن ابن عباس رضي الله عنهما انه كان معتكفا في مسجد رسول الله صلى الله عليه وسلم فاتاه رجل فسلم عليه ثم جلس فقال له ابن عباس يا فلان اراك مكتئبا حزينا قال نعم يا ابن عم رسول الله لفلان علي حق ولاء وهم وحرمة صاحب هذا القبر ما اقدر عليه قال ابن عباس افلا اكلمه فيك قال ان احببت قال فانتعل ابن عباس ثم خرج من المسجد قال له الرجل انسيت ما كنت فيه قال لا ولكني سمعت صاحب هذا القبر صلى الله عليه وسلم والعهد به قريب فدمعت عيناه وهو يقول من مشى في حاجة اخيه وبلغ فيها كان خيرا له من اعتكاف عشر سنين ومن اعتكف يوما ابتغاء وجه الله جعل بينه وبين النار ثلاثة خنادق ابعد مما بين الخافقين. رواه الطبراني

Isinalaysay ni Ibn ‘Abbas (kalugdan nawa silang pareho ng Allah) na siya ay nag-i'tikaf o nagtitika sa paraang pananatili sa pagsamba sa loob ng Masjid ng Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam) nang dumating ang isang lalaki at bumati sa kanya, pagkatapos ay umupo. Sinabi ni Ibn ‘Abbas sa kanya, "O ganito-ganito, nakikita kong ikaw ay nababagabag at malungkot." Sumagot ang lalaki, "O pinsan ng Propeta ng Allah, Oo, totoo nga. Si ganito-ganito ay nagkasala sa akin at inagaw ang aking karapatan, at ipinagbawal ang dapat ay akin. Wala akong magawa tungkol dito." Sinabi ni Ibn ‘Abbas, "Hindi mo ba gusto na kausapin ko siya para sa iyo?" Sumagot ang lalaki, "Kung nais mo." Kaya't isinuot ni Ibn ‘Abbas ang kanyang mga tsinelas at lumabas ng Masjid. Nang makita ng lalaki na siya ay lumalabas, sinabi niya, "Nakalimutan mo na ba ang iyong ginagawa?" Sumagot si Ibn ‘Abbas habang lumuluha ang kanyang mga mata, "Hindi, ngunit narinig ko ang Propeta ng Allah (sallallahu ‘alayhi wa sallam) na nagsabi, 'Ang sinumang lumalakad upang matugunan ang pangangailangan ng kanyang kapatid, mas mabuti pa para sa kanya kaysa sa mag-tika nang sampung taon. At ang sinumang nagtitika ng isang araw upang hanapin ang kasiyahan ng Allah, ay ilalagay ng Allah sa pagitan niya at ng impyerno ang tatlong hukay na mas malaki pa kaysa sa distansya sa pagitan ng langit at lupa.'" (Inulat ni At-Tabarani)

Ang Hadith na ito na inulat ni At-Tabarani ay nagpapakita ng kahalagahan ng pagtulong at pag-aayos ng mga hidwaan sa pagitan ng mga tao, kahit na sa panahon ng pagtitika. Binibigyang diin nito na ang pagsusumikap na lutasin ang mga alitan at matugunan ang mga pangangailangan ng iba ay napakadakila sa Islam, at minsan ay mas mataas pa ito kaysa sa mga mahahabang gawain ng pagsamba.

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَاسْتَغْفِرُ اللَّهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ الْمُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الْغَفُورُ الرَّحِيمُ.

Ikalawang Bahagi ng Khutbah:

الْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِينُ، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللَّهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ، وَبَعْدُ:

Ang Pitong Pasisilungin ng Allah sa Araw ng Paghuhukom:

سبعة يظلهم الله في ظله يوم لا ظل إلا ظله: الإمام العادل، وشاب نشأ في عبادة الله، ورجل قلبه معلق في المساجد، ورجلان تحابا في الله اجتمعا عليه وتفرقا عليه، ورجل دعت امرأته ذات منصب وجمال، فقال إني أخاف الله، ورجل تصدق بصدقة فأخفاها حتى لا تعلم شماله ما تنفق يمينه، ورجل ذكر الله خاليا ففاضت عيناه. (أخرجه البخاري ومسلم)

Sinabi ni Propeta Muhammad (sallallahu 'alayhi wa sallam), "Pitong tao ang pasisilungin ng Allah sa Kanyang 'Arsh sa araw na walang masisilungan liban na lamang sa Kanyang lilim:

Una, ang makatarungang pinuno;

Pangalawa, ang batang lumaki sa pagsamba sa Allah;

Pangatlo, ang lalaking nakakabit ang kanyang puso sa mga Masjid;

Pang-apat, ang dalawang lalaking nagmamahalan alang-alang lamang sa Allah na sila ay nagkikita at naghihiwalay dahil dito;

Pang-Lima, ang lalaking tinukso ng isang babaing maimpluwensiya at maganda subalit tinanggihan niya ito at nagsabing 'tunay na ako ay natatakot sa Allah.'

Pang-anim, ang lalaking nagkawanggawa at ito ay kanyang inilihim hanggang sa hindi nalalaman ng kanyang kaliwang kamay ang itinustos ng kanyang kanang kamay;

At pang-pito, ay ang lalaking umaalaala sa Allah sa kanyang pag-iisa at ang kanyang mga mata ay nababasa ng luha.” (Inulat nina Al-Bukhari at Muslim)

عِبَادَ اللَّهِ، إِنَّ اللَّهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيِّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي الْعَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ الْعَفْوَ فَاعْفُ عَنَّا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَائِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الْخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى الْمُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالْوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرَّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.
اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الْحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ الْمَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.
اللَّهُمَّ انصُرْ

الإِسْلَامَ وَالْمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالْمُشْرِكِينَ وَالْمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.
رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الْآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.
وَصَلَّى اللَّهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ.

عِبَادَ اللَّهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَى وَيَنْهَى عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنْكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَادْكُرُوا اللَّهَ الْعَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُواهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللَّهِ أَكْبَرُ، وَاللَّهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.
